
1

# Araling Panlipunan

## Ikaapat na Markahan – Modyul 2:
## Mapa ng Loob at Labas ng Tahanan




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Unang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 02: Mapa ng Loob at Labas ng Tahanan**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**
**Manunulat:** Winnie Magaoay Fermin
**Editors**: Leonora L. Tuason, Lolita V. Lorenzo**,** Amelia B. Bergonia
**Tagasuri:** Perfecta M. Bautista, Elizabeth R. Berdadero, Fidel B. Manaligod, Jenelyn B. Butac, Miraflor B. Mariano
**Tagaguhit:** Angelito E. Fermin, Winnie M. Fermin
**Tagalapat:** Jay Lord B. Gallarde
**Tagapamahala:** Estela R. Cariño
Octavio V. Cabasag
Rizalino G. Caronan
Roderic B. Guinucay
Janette V. Bautista
Marivel G. Morales
Robert T. Rustia

**Inilimbag sa Pilipinas ng ________________________**
**Department of Education – Region II**

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

# 1

# Araling Panlipunan

## Ikaapat na Markahan – Modyul 2: Mapa sa Loob at Labas ng Tahanan

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Araling-Panlipunan 1 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Mapa ng Loob at Labas ng Tahanan.

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

Mga Tala para sa Guro

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:
Malugod na pagtanggap sa Araling-Panlipunan 1 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Mapa sa Loob at Labas ng Tahanan. Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |

| | |
|---|---|
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga Gawain para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang |

| | |
|---|---|
| | patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| *Tayahin* | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang Subukin bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

# Alamin

Sa modyul na ito ay pag-aaralan natin ang mga nakapaligid sa loob at labas ng bahay.


Matutunan mo sa modyul na ito ang pagtukoy sa mga bumubuong bahagi at mga lugar ng loob at paligid ng bahay gamit ang mapa.


Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang:


Nakagagawa ng payak na mapa ng loob at labas ng tahanan.


# Subukin


Panuto: Lagyan ng tsek ( ✓ ) ang puso kung ang larawan ay makikita sa loob ng bahay at ekis ( X )naman kung sa labas.

1. 

4. 


2. 



5. 

3. 


| Modyul 2 | Mapa ng Loob at Labas ng Bahay |
|---|---|

## *Balikan*


Panuto: Bilugan ang larawan na isinasaad ng panugungusap.




Aklat na nasa kanang bahagi ng upuan



Bote na nasa harapan ng paso




Lobo na nasa itaas ng puno




Bola na nasa likuran ng damuhan

## Tuklasin

**Masayang Paghahatid ng Paninda**
**Ni Winnie Magaoay Fermin**




Araw ng Sabado. Maagang gumising si MG. Iniligpit niya ang higaan sa kwarto. Pagkatapos, naglinis ito ng katawan sa banyo. Pumunta siya sa kusina at sama-sama silang kumain na buong pamilya sa hapag-kainan.




Nagpalit siya ng damit at umupo sa sala. Hinihintay niya ang kanyang Tatay. Sasama siya sa kanya upang ihatid ang mga paninda nilang itlog sa palengke. Maya-maya pa, "MG, halika na at hinihintay na tayo ng ating mga suki," tawag ng tatay.

Habang nasa sasakyan, naaaliw si MG sa kanyang mga nakikita. Sa kanto nadaanan nila ang paaralang kanyang pinapasukan. Pagliko naman sa kanan nakita niya ang istasyon ng bumbero. Sa hindi kalayuan, natatanaw niya ang himpilan ng pulis. Maya-maya pa napadaan sila sa ospital na katapat ng panaderya.




Narating nila ang palengke. Naihatid nila ang mga panindang itlog. Sa pag-uwi dumaan sila sa simbahan. Nagpasalamat sa isang masayang araw.




## Suriin

Ang mapa ay pagsasalarawan ng kalakihan at lokasyon ng isang lugar gamit ang mga simbolo.


Ang loob ng ating bahay ay may iba't ibang bahagi. Sa tulong ng mapa, madali nating matatagpuan ang kinalalagyan nito.

Narito ang mapa ng loob ng bahay nila Gio.





Sa unang palapag makikita ang sala sa tabi ng pintuan. Sa gitna naman ang silid-kainan at sa dulo ang kusina. Sa ikalawang palapag makikita sa kaliwa ang banyo at kasunod nito ang kwarto ng kanyang mga magulang at sa dulo naman ang kwarto nilang magkakapatid.


Sa labas naman ng kanilang bahay makikita ang iba pang mga bahay at mga gusali na maaring gawing pananda sa mapa gaya ng mga sumusunod:




Himpilan ng Pulis





Istasyon ng Bumbero





ospital





panaderya



simbahan





paaralan





palengke

# Pagyamanin


Panuto: Ang mga sumusunod ay mga lugar na matatagpuan sa loob ng bahay. Bilugan ang titik ng wastong lugar na nasa bawat bilang.

1. 


a. sala
b. kwarto
c. banyo
d. kusina

2. 


a. kusina
b. banyo
c. kwarto
d. sala

3. 

a. silid kainan
b. kwarto
c. sala
d. kusina

4 

a. kwarto
b. silid kainan
c. banyo
d. sala

5. 

a. banyo
b. sala
c. kwarto
d. kusina

# Isaisip


Panuto: Alamin natin kung naunawaan mo ang aralin. Punan ang patlang ng nawawalang salita upang mabuo ang talata. Piliin ang sagot sa mga salitang nasa loob ng bahay.

| | |
|---|---|
| loob | mapa |
| paghahanap | paaralan |
| labas | kwarto |

Ang ______________________ ay isang larawan ng kinalalagyan ng lugar o bagay. Ito ay nakatutulong sa ______________________ ng kinalalagyan ng bagay o lugar. Makikita sa mapa ng loob at labas ng bahay ang iba't ibang lugar. Sa ______________________ ng bahay makikita ang sala, silid-kainan, ______________________, kusina at banyo. Sa ______________________ naman ay makikita ang iba't ibang lugar gaya ng simbahan, ospital,paniderya, istasyon ng bumbero, himpilan ng pulis at ______________________.

# *Isagawa*

Panuto: Ang sumusunod ay mapa sa labas ng bahay nila Robi. Isulat sa patlang ang **Tama** kung ang pangungusap ay nagsasabi ng wastong kinalalagyan ng lugar at **Mali** kung hindi.




______________ 1. Katabi ng bahay nila Robi ang paaralan.

______________ 2. Makikita sa tapat ng istasyon ng bumbero ang simbahan.

______________ 3. Nasa gitna ng paaralan at simbahan ang ospital.




______________ 4. Matatagpuan sa tapat ng paaralan ang paniderya.



______________ 5. Kung galling ka sa panaderya, dadaan ka muna sa istasyon ng bumbero bago ka makarating sa istasyon ng pulis.

# *Tayahin*

Panuto: Gumawa ng mapa ng loob ng inyong bahay.


Gamitin ang mga sumusunod na simbolo.

kwarto  sala  banyo 

kusina  silid kainan 

# *Karagdagang Gawain*

Panuto: Gumawa ng mapa ng labas ng inyong bahay. Iguhit sa bilog ang inyong bahay. Pagkatapos, magsulat ng tig-isang lugar na makikita sa kaliwa, kanan, harap at likod ng inyong bahay.



# Susi sa Pagwawawasto

**Subukin**
1. /
2. X
3. X
4. X
5. /

**Balikan**


**Pagyamanin**
1. D
2. B
3. A
4. D
5. C

**Isaisip**
1. mapa
2. paghahanap
3. loob
4. kwarto
5. labas
6. paaralan

**Isagawa**
1. Tama
2. Mali
3. Tama
4. Mali
5. Tama


**Tayahin**

Posibleng Sagot



**Karagdagang Gawain**

Posibleng Sagot



# *Sanggunian*

Miranda, N. P. (2017). *Araling Panlipunan I Kagamitan ng Mag-aaral.* Pasig City: Department of Education.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph